# Pamagat: Mahal na mahal kita, Pilipinas, kahit ang sakit-sakit na!

**Elias:** Punto Asintado, minsan ang hirap mahalin ng Pilipinas…..

**Elias** : **Pagkakapantay-pantay**. Pag-usapan natin ang "Equality" sa Pilipinas. Tutulungan tayo sa paksang ito ng ating kampeon sa pagkakapantay-pantay, walang iba kundi, si Inang Hustisya.

**Inang Hustisya :** Ang Batas ay malupit!  MALUPIT MAN, ang BATAS AY BATAS. Walang sinuman ang nakakahigit sa batas.

**Elias:** Ito si Lolo Narding Floro, isang 80-anyos na nakulong dahil sa pagnanakaw ng **mangga** dahil sa gutom noong panahon ng **pandemya**.

*( Inabot ang larawan kay Inang Hustisya )*

**Elias:** Ito naman si Madam Shoe Collector, naging 1st-Lady at 1st-mommy. Mayroong guilty verdict ng **7 Counts of Graft** mula Sandiganbayan noon pang November 2018. Siya ay **89-years old** nang mga panahon na iyon. Hanggang ngayon, siya ay malaya dahil siya daw ay matanda na - "*Humanitarian Reason*".

*( Inabot ang larawan kay Inang Hustisya )*

**Elias:** Ano ang tingin mo, Inang Hustiya?

**Inang Hustisya :** Ikulong ang magnanakaw ng mangga!

**Elias:** Ito naman si Senador Repa, mula pa noong ay sangkot sa mga katiwalian, acquitted diumano sa kasong **plunder**, pero guilty sa konektadong kasong **Bribery o Panunuhol**. Malaya at kasalukuyan pa ring nanunungkulan bilang gumagawa ng batas?....... Ang gulo diba?

*( Inabot ang larawan kay Inang Hustisya )*

**Elias:** Ano ang tingin mo, Inang Hustiya?

**Inang Hustisya :** Ikulong ang magnanakaw ng mangga!

**Elias:** Iba ka talaga, Inang Hustisya! Sana dumating ang araw na maalala mo kung sino ka talaga. Sana dumating ang araw na masuot mo na muli ang iyong piring sa mata.

**Elias:** Maiba naman tayo ng Paksa, - **Pagpili ng mga mamumuno**. May sasabihin po ba kayo, Ginoong Manuel L. Quezon?

**Manuel L. Quezon**: I would rather have a country run like hell by Filipinos…

**Elias:** Ah kaya naman pala, natupad na po…

**Manuel L. Quezon**: Teka lang hijo, pastilan! Hindi pa ako tapos. Ang sabi ko.

"I would rather have a country run like hell by Filipinos than a country run like heaven by the Americans, because however a bad Filipino government might be, we CAN always CHANGE it."

**Elias:** Malungkot na balita po, Apo. We change our leaders consistently, yet we fail to learn from past mistakes. Kung baga sa Jak en Poy, kami pa rin ang unggoy.

Tama ba, Don Croko?

**Don Croko**: Mahirap kayo? Wala akong pakialam, maghirap kayo? Basta sa tuwing eleksyon, mahal ko kayo! (Heart sign).

**Elias:** Ginoong Croko, ipaliwanag mo kung saan napunta ang Confidential Funds?

**Don Croko**: Secret. Confidential.

**Elias:** Inang Hustisya, oh, transparency?!

**Inang Hustisya :** Ikulong ang magnanakaw ng mangga!

**Elias:** Ginoong Croko, nasaan naman mga Flood Control projects? Nagsisilubog na ang mga lugar sa baha?

**Don Croko**: Hanapin mo….saka, hindi ninyo kailangan yun. Resilient naman kayo, diba?

**Elias:** Inang Hustisya, oh, Accountability?!!!

**Inang Hustisya :** Ikulong ang magnanakaw ng mangga!

**Manuel L. Quezon**: Pastilan! Anong nangyayari?!

**Don Croko :** It is about control, control, senyor Quezon. Madali silang linlangin. Simpleng propaganda lang sa Social Media, limot na nila mga kasalanan ko, ako na ulit iboboto nila. Mga unggoy! At 'yang si Elias, taong-bundok 'yan, NPA 'yan!

**Inang Hustisya :** (titingin kay Elias)

**Inang Hustisya :** Ikulong ang NPA!

**Elias:** (naka-posas)

Mahal na mahal ko ang Pilipinas, kahit madalas na mahirap itong mahalin, kahit ang sakit-sakit na! Pero hindi ito sapat na dahilan para sumuko.

( play the song – **Jam : Kilos Kabataan** )

**https://www.youtube.com/watch?v=qm1Bc4rwJFs**

…….

(bow after the song)